③ Kapag tinatanggal ang steel frame cutting tool mula sa bahagi ng arm, hangga't maaari, maghintay hanggang ang temperatura ng hydraulic oil ay bumaba. Ilagay ang mga dust cap sa mga tubo at hose. Ilagay ito nang pahalang sa isang sahig upang maiwasan ang pagtumba ng steel cutting tool.

④ Kapag nakakabit o nag-aalis ng hydraulic hose, mag-ingat na huwag hayaang makapasok ang mga dumi sa hydraulic oil.

⑤ Itabi ang tinanggal na steel cutting tool sa loob ng gusali, o kung nais mo namang itago ito sa labas ng gusali, ilagay ito sa isang patunagn at tabunan ng trapal para hindi Mabasa ng ulan.

(2) Base Machine

Tanggalin ang tubig at dumikit na putik sa base machine. Linisin ang lugar sa paligid at loob ng upuan ng drayber tulad ng suspensyon at mga lifting equipment, para sa susunod na trabaho. Gayundin, mag-refuel.

Alalahanin na ang putik o ano mang katulad nito at maaaring masama sa seal kasama ang tulo ng tubig ibabaw ng hydraulic cylinder rod at ma-damage ang seal, kaya kinakailanang mag-ngat sa paglilinis.

4.3. Istraktura, uri at operasyon ng concrete crusher (Teksbuk p.66)

4.3.1. Katangian ng Concrete Crusher (Teksbuk p.66)

Kumpara sa pamamaraang pag-demolis ng mga konkretong gusali na gamit ang breaker, mayroon itong mas mababang lebel ng ingay at vibration, at mas kakaunti ang mga nakakalat na durog na konkreto.

4.3.2. Mga pangalan at pag-andar ng bawat bahagi ng concrete crusher (Teksbuk p.66)

Ang concrete crusher (rough crusher) ay binubuo ng isang crusher arm, cutter, crushing point, isang pag-bukas at pag-sara ng cylinder, lower frame, isang swing bearing, at isang upper frame. (Tingnan ang Larawan 1-1 ③)

Ang concrete crusher (fine crusher) ay binubuo ng crusher arm, cutter, isang crushing point, pag-bukas at pag-sara ng cylinder, at isang frame. (Tingnan ang Larawan 1-1 ④)

4.3.3. Uri ng Concrete Crusher (Teksbuk p.66)

Ang sumusunod ay ang mga uri concrete crusher

(1) Concrete Crusher (Rough crusher)

Ang mga konkretong istraktura/gusali ay dinurog at pinuputol sa kongkretong bugal ng isang sukat na maaaring nahahati sa maliliit na piraso. Ang crushing arm ay may isang hugis na ginagawang madaling durugin at hatiin ang konkreto, at may swing device na magagamit para mas maginhawa ang paggiba ng mga istraktura. (Tingnan ang Larawan 4-3)



Larawan 4-3 Malawakang demolisyon ng mga konkretong istraktura at gusali

(2) Concrete Crusher (fine crusher)

Hinahati ang isang konkretong bloke ng isang malaking split tool ay durog sa mas maliit na mga piraso at pinaghiwalay sa mga pampalakas na bar at konkretong piraso.

Ang crushing arm ay may isang hugis na ginagawang madali upang ihiwalay mula sa nagpapatibay na bar sa pamamagitan ng pagpapalawak ng lapad ng arm at pagdurog ng konkreto sa maliliit na piraso. Dahil ang mga konkretong produkto tulad ng mga konkretong bloke at hugis-U na mga uka na naging pangunahing durog ng isang malaking pandurog ay pangunahing pinoproseso sa maliliit na piraso, maraming mga pandurog ay walang swivel device na umiikot. (Tingnan ang Larawan 4-4)



Larawan 4-4 Sitwasyon ng Pagdemolish ng Concrete Fine Crusher

4.3.4. Pagpili at Pagkabit ng Concrete Crusher Tools (Teksbuk p.67)


Ang sumusunod ay ang paraan ng pagpili at pagkabit ng concrete crusher tools.

① Tukuyin ang hugis ng crushing tool ayon sa aplikasyon at laki ng concrete crushing tool ayon ang mga dudurugin nitong bagay.


A) Dinudurog gamit ng rough crusher ang mga kongkretong istruktura at gusali sa laki na maaaring kaya na itong durugin nang maliliit na piraso (Tingnan ang Larawan 4-5).

B) Dinudurog gamit ng fine crusher ang mga reinforced concrete blocks na dinurog ng concrete rough crusher atbp. sa maliliit na piraso at paghiwalayin ang mga reinforcing bar at ang mga pira-pirasong kongkreto. (Tingnan ang Larawan 4-6)

Sa oras na ito, para sa swinging ng concrete rough crusher, pumili kung hydraulic swivel type na gumagamit ng hydraulic motor o free swivel type na papatamain sa sinasabing bagay at papaikutin ito ayon sa paggamit nito.



Larawan 4-5 Halimbawa ng Rough Crusher



Larawan 4-6 Halimbawa ng Fine Crusher

② Pumili ng base machine na angkop sa oil pressure at bigat nito ayon sa balanse sa pagitan ng kinakailangang halaga ng langis ng concrete crusher at ang bigat ng main body nito.

- ③ Kunin ang hydraulic power source ng concrete crusher galing sa hydraulic circuit ng base machine, at mag-install ng hydraulic circuit ng concrete crusher sa dadaanan sa hydraulic pump, boom at arm. Sa oras na ito, maaaring kinakailangang magdagdag ng hydraulic valve at relief valve depende sa base machine. Bilang karagdagan, operating device para sa pagkokontrol ng concrete crusher sa upuan ng drayber.
- ④ Ikabit ang arm ng base machine sa concrete crusher gamit ng isang pin at ipagkabit ang oil hose at oil hydraulic circuit ng concrete crusher at arm.
- ⑤ Subukang imaneho ito at suriin ang kondisyon ng pagpapatakbo ng concrete crusher.
- ⑥ Kapag ibabalik sa orihinal na kondisyon ang base machine, palitan ang concrete crusher, basket atbp. sa pamamagitan ng pagkabit sa ④ sa baliktad na pamamaraan.

4.3.5. Pagpapatakbo ng Concrete Crusher atbp. (Teksbuk p.69)

Ang karaniwang pamamaraan ng pagpapatakbo (JIS Standard Operation) ng base machine ay pareho sa "4.1.5 Paggamit ng Breaker atbp."

4.3.6. Karaniwang Pamamaraan ng Pagtatrabaho ng Concrete Crusher (Teksbuk p.69)

Pumili ng base machine at attachment na angkop para sa hugis at laki ng duduruging bagay para sa concrete crusher. (Tingnan ang Larawan 4-5 at Larawan 4-6)


Sa trabaho, painitin ang hydraulic oil ng base machine sa pamamagitan at simulang patakbuin ito pagkatapos na tumaas nang kaunti ang temperatura ng langis. Ang naaangkop na saklaw ng temperatura ng langis ay nakasalalay sa manwal ng paggamit ng bawat pabrikante.

Bilang karagdagan, kapag nagsimulang gumamit ng bagong concrete crusher, para masanay sa sliding surface ng bawat pin, bush atbp., babaan ang pag-ikot ng engine at ibaba ang cylinder para sa pagbukas at pagsara, at subukang patakbuin ito ng halos 1 oras para masanay.

Susunod, ipinapakita ang karaniwang pamamaraan ng pagtatrabaho at ang mga kailangang pag-ingatan para sa gawaing demolisyon na gumagamit ng isang concrete crusher.

- ① Kapag nagtatrabaho gamit ng isang concrete crusher, mag-inject ng 5 hanggang 6 na beses sa steel frame cutting machine grease injection point na hindi bababa sa dalawang beses sa isang araw.
- ② Huwag magtatrabaho sa mga unstable na lugar kung saan maaaring matumba ang base machine, tulad ng sa mga malalambot na lupa o sa ibabaw ng mga concrete blocks. Huwag magsasagawa ng trabaho lalo na sa mga slope.
- ③ Unstable ang trabahong papunta sa crawler (track) na pahalang ang direksyon kumpara sa pabertikal na direksyon, at mataas ang tsansa ng panganib na ang katawan ng makinarya ay lumutang o matumba ito atbp. Bilang karagdagan, dapat parin pansinin na huwag magsasagawa ng trabahong pahalang ang direksyon na lulutang ang katawan ng makinarya nito.
- ④ Huwag mag-pry(kojiru) habang nagsasagawa ng trabahong pagdudurog sapagkat maaari itong maging sanhi ng pagkasira at pagkasunog ng pin o pagkasira at pagkadeform/pagkabali ng arm ng crusher at pinsala sa base machine.
- ⑤ Gamitin ito sa pamamagitan ng pag-ipit ng mga kongkreto para durugin ang mga ito, at huwag na papahulugin ang crusher tool para durugin ang concrete atbp. Huwag ito gamiting panghampas.
- ⑥ Huwag maglilipat ng mga durog na bagay gamit ng crusher tool. Huwag magsasagawa ng trabahong side sweep.
- ⑦ Sa trabahong pagdudurog, isagawa ito habang binibigyan ito ng margin sa bawat stroke. Kapag ginagamit ang stroke end sa pagtatrabaho, malaki ang load na dinadala ng cylinder. (Pareho para sa pagpapatama gamit ng stroke end.)
- ⑧ Huwag kabitan ng wire at sabitan ng bagay at gawing crane ang crusher too.
- ⑨ Huwag magtatrabaho sa ilalim ng tubig o nang babad sa tubig.
- ⑩ Kapag nagtatrabaho, pagbawaling pumasok sa mga saklaw kung saan maaaring tumalsik ang mga durog na debris.
- ⑪ Itigil ang pagtatrabaho kapag may inaasahang masamang panahon.
- ⑫ Huwag magsasagawa ng sabay-sabay na trabaho tulad ng pagtatakbo habang nagmamanipula. Maaaring may mailapat na abnormal force sa crusher tool at base machine na magiging sanhi ng pinsala nito.
- ⑬ Huwag magtatrabaho sa pamamagitan ng pagbubukas ng arm sa concrete crusher para sa layunin ng pagdurog. Maaari itong maging sanhi ng pagkasira ng crusher tool at cylinder para sa pagbukas at pagsara.
- ⑭ Maaaring masira ang patalim ng bahagi ng cutter ng concrete rough crusher, kaya't huwag magdemolish ng kongkreto.
- ⑮ Huwag itulak ang concrete crusher tool sa lupa upang paikutin o palitan ang direksyon ng base machine. Hindi lamang ito magiging sanhi ng pagkasira ng concrete crusher tool at base machine, ngunit gagawin ding unstable ang base machine kaya't huwag gagawin ito.
- ⑯ Huwag magdudurog ng mga natural na bato tulad ng kenchi-ishi at stone pavement dahil maaari ito maging sanhi ng pagkasira ng crusher arm, frame, pin, cylinder ng concrete crusher atbp.

⑰ Para sa concrete fine crusher na walang slewing gear, huwag magdudurog nang padayagonal ng mga beam ng mga istraktura at gusali, haligi atbp. dahil magiging sanhi ng pagkasira ng base machine ito.



4.3.7. Pag-iingat pagkatapos ng trabaho (Teksbuk p.70)

Ang mga sumusunod ay ang mga kailangang pag-ingatan pagkatapos magtrabaho.

(1) Concrete Crusher

- ① Iparada ang base machine na may naka-install na concrete crusher tool sa isang matigas at tuyong patag na ibabaw. Upang maprotektahan ang cylinder para sa pagbukas at pagsara, ilapag ang cutting arm at ilagay ang concrete crusher sa lupa sa isang stable na posisyon.
- ② Linisan at tanggaling ang mga putik na nakadikit sa concrete crusher tool at suriin ito para sa anumang mga abnormalidad tulad ng paglabas ng langis, maluwag na bolt, mga nabasag na cutter, sira atbp.
- ③ Kapag magtatanggal ng concrete crusher tool mula sa bahagi ng arm ng katawan ng makinarya, maghintay muna hanggang bumaba na ang temperatura ng langis ng hydraulic oil hangga't sa maaari. Maglagay ng dust cap sa piping hose.
- ④ Kapag magkakabit o magtatanggal ng hydraulic hose atbp., mag-ingat na huwag hayaang makapasok ang mga dumi sa hydraulic oil.
- ⑤ Ang tinanggal na concrete crusher tool ay dapat na iligpit sa loob ng gusali, o kung ililigpit ito sa labas ng gusali, ilagay ito sa ibabaw ng patungan at takpan ito ng trapal para hindi maulanan.

(2) Base Machine

Tanggaling ang mga tubig at putik na nakadikit sa base machine. Linisin ang undercarriage, mga lugar sa paligid ng upuan ng draybe at sa loob tulad ng operating device para sa pagtaas at pagbaba, para sa susunod na trabaho. Gayundin, magrefuel.

Bilang karagdagan, dapat pansinin na ang mga putik na may kasamang mga patak ng tubig sa ibabaw ng hydraulic cylinder rod atbp. ay maaaring madala sa loob ng seal at masira ito, kaya kinakailangan mag-ingat sa paglilinis nito.

4.4. Istruktura, uri at pagpapatakbo ng demolition gripping machine atbp. (Tekbuk p.72)

4.4.1. Mga katangian ng gripping machine (Tekbuk p.72)

Ang gripping machine ay ginagamit para sa demolisyon ng mga kahoy na bahay at pagdidispose ng mga debris. Kapag magdedemolish ng isang bagay, may kumakalat na bagay sa pagdedemolish at ingay.

Sa pagdidispose ng mga debris, mas mahusay na gumamit ng gripping machine sa halip ng isang bucket upang maiuri at maidispose ang mga bagay na may halo ng iba't ibang mga mass, materyales at mga hugis. Maaaring maggrab nang mas madalian lalo na't ang mga magagaan na bagay katulad ng mga gawa sa kahoy, mahahabang haligi at mga steel frame, malalambot na bagay katulad ng tela atbp., i-uri at iload ang mga ito.



Larawan 4-7 Sitwasyon ng Pagtatapon ng mga Debris

4.4.2. Mga pangalan at pag-andar ng bawat bahagi ng gripping tool (Teksbuk p.72)


Ang gripping tool ay binubuo ng gripping arm, gripping link, cylinder para sa pag-bukas at pag-sara, lower frame, slewing bearing, upper frame atbp. (Tingnan ang Larawan 1-1⑤, ⑥)

4.4.3. Mga Uri ng Gripping Tool (Teksbuk p.72)

Ang mga uri ng gripping tool ay ang sumusunod

(1) External Cylinder Operated Type Gripping Tool na may swing device


Sa pamamagitan ng hydraulic pag-swing na gumagamit ng internal cylinder, maaaring maisasagawa nang malaya ang angulo ng pag-grip at malalabong positioning. (Tingnan ang Larawan 4-23)



Larawan 4-23 Mga Pangalan ng Bawat Bahagi ng Gripping Tool (na may Slewing Gear, Internal Cylinder Operated Type)

(2) Internal Cylinder Type Gripping Tool

Ang anggulo ng pag-grip ay maaaring maadjust sa pamamagitan ng swing na gumagamit ng internal cylinder. Dahil ang gripping tool ay hindi kayang ma-swing, gumagamit ito ng positioning sa pamamagitan ng pag-swing ng base machine, gripping point ng gripping tool atbp. (Tingnan ang Larawan 4-24)




Larawan 4-24 Halimbawa ng Internal Cylinder Type Gripping Tool (Non-Swing Type)

(3) External Cylinder Type Gripping Tool

Ang external cylinder operated type ay, hindi nangangailangan ng hydraulic piping dahil gumagamit ito ng cylinder ng base machine para sa pag-bukas at pag-sara, at pag-grip, ngunit dahil wala itong swing at hindi kayang mag-swing, kinakailangang patakbuhan nang masigasig ang base machine upang maadjust ang anggulo ng gripping.

Magbigay ng partikular na pansin sa trabahong pagloload sa mga dump (danpu) atbp.

Gayundin, kailangang pag-ingatan at tandaan na ang arm ng excavator (shoberu) ay maaaring kailanganing palakasin depende sa kombinasyon ng gripping tool at base machine. (Tingnan ang Larawan 4-25)




Larawan 4-25 Halimbawa ng External Cylinder Type Gripping Tool

4.4.4. Pag-pili at pag-kabit ng gripping tool (Teksto p.74)

Ang sumusunod ay ang pamamaraan para sa pagpili at pag-kabit ng gripping tool.


① Tukuyin ang hugis ng gripping tool ayon sa aplikasyon at laki ng gripping tool at ang mga hahawakan nitong gamit.

A) Swing Type Internal Cylinder Operated Gripping Tool na may swing device. (Tingnan ang Larawan 4-8).




Larawan 4-8 Halimbawa ng Internal Cylinder Operated Type Gripping Tool na may swing device.

B) Swing Type Internal Cylinder Operated Gripping Tool (Tingnan ang Larawan 4-9)



Larawan 4-9 Halimbawa ng Gripping Tool (Internal Cylinder Operated Type)

C) External operated type grip na ginagamit sa pagbukas-sara ng arm na pang-grip ng bucket silindro ng base machine (Tingnan ang Larawan 4-10)



Larawan 4-10 Halimbawa ng Grip (external operated type)

②Pumili ng hydraulic excavator (shoberu) na angkop sa gawaing pag-buhat, depende sa balanse ng dami kinakailanagang langis para sa pag-buhat at ng bigat ng main body.

③Ilabas ang hydraulic source para sa gripping tool mula sa hydraulic circuit ng base machine, at ang hydraulic circuit para sa gripping tool ay susustentohan sa pamamagitan ng hydraulic pump, boom, at arm..

Sa oras na ito, depende sa base machine, pwdeng mangangailangang dagdagan ng hydraulic valve o relief valve. Ang operating device para sa gripping tools at nakakabit sa upuan ng drayber ng internal cylinder operated type.

④Ikabit ang gripping tool sa arm ng base machine gamit ang pin, at idugtong ang gripping tool at gripping tool hydraulic circuit sa arm na gamit ang hydraulic hose.

⑤Magsagawa ng test run upang suriin ang status sa kondisyon ng gripping tool.

⑥Para makabalik sa orihinal na anyo ang base machine, baliktarin ang proseso ng ④, at ipagpali ang gripping tool at bucket.

4.4.5. Operasyon ng gripping machine (Teksbuk p.75)


Ang karaniwang pamamaraan ng pagpapatakbo (JIS Standard Operation) ng base machine ay pareho sa [4.1.5 Paggamit ng Breaker atbp.]

4.4.6. Karaniwang Pamamaraan ng Pagtatrabaho ng gripping machine (Teksbuk p.76)

Para sa gripping machine, piliin ang base machine at attachment na angkop para sa hugis at laki ng bagay na kakapitan.

Sa trabaho, painitin ang hydraulic oil ng base machine sa pamamagitan at simulang patakbuin ito pagkatapos na tumaas nang kaunti ang temperatura ng langis. Ang naaangkop na saklaw ng temperatura ng langis ay nakasalalay sa manwal ng paggamit ng bawat pabrikante.

Kapag gagamit ng panibagong gripping machine, para masanay sa sliding surface ng bawat pin, bush atbp., babaan ang pag-ikot ng engine at ibaba ang cylinder para sa pagbukas at pagsara, at subukang patakbuin ito ng halos 1 oras para masanay.




Larawan 4-26 Pag-demolish gamit ang gripping machine


Ang susunod na ipapakita ay ang pangkalahatang gawain sa gripper at pangunahing pag-iingat.

- ① Kapag mag-tatrabaho gamit ang gripper, mag-inject ng 5 hanggang 6 na beses sa steel frame cutting machine grease injection point na hindi bababa sa dalawang beses sa isang araw.
- ② Huwag magtrabaho sa lugar na pwedeng bumaliktad ang bas machine, tulad sa malambot na lupa or concrete blocks. sa partikular, huwag mag-trabaho sa slope/dalisdid.
- ③ Unstable ang trabahong papunta sa crawler (track) na pahalang ang direksyon kumpara sa pabertikal na direksyon, at mataas ang tsansa ng panganib na ang katawan ng makinarya ay lumutang o matumba ito atbp. Bilang karagdagan, dapat parin pansinin na huwag magsasagawa ng trabahong pahalang ang direksyon na lulutang ang katawan ng makinarya nito.
- Kahit na mag-tatrabaho ng vertical na direksyon, delikado paring iangat ang machine body, kaya huwag itong gawin.
- ④ Huwag mag-pry(kojiru) habang nagsasagawa ng trabahong pag-grip sapagkat maaari itong maging sanhi ng pagkasira at pagkasunog ng pin o pagkasira at pagkadeform/pagkabali ng arm ng crusher at pinsala sa base machine.
- ⑤ Hindi ginagamit ang gripper sa pag kuha at pag bagsak para mabasag ang konkreto/semento. Huwag pang-hampas pag nagtatrabaho.
- ⑥ Huwag i-side sweep Huwag maglilipat ng mga durog na bagay gamit ng gripping tool. Huwag magsasagawa ng trabahong side sweep.


- ⑦Sa trabahong pag-grip isagawa ito habang binibigyan ito ng margin sa bawat stroke. Kapag ginagamit ang stroke end sa pagtatrabaho, malaki ang load na dinadala ng cylinder. (Pareho para sa pagpapatama gamit ng stroke end.)
- ⑧Huwag kabitan ng wire at sabitan ng bagay at gawing crane ang grip.
- ⑨Huwag magtatrabaho sa ilalim ng tubig o nang babad sa tubig.
- ⑩Kapag nagtatrabaho, pagbawaling pumasok sa mga saklaw kung saan maaaring tumalsik ang mga durog na debris.
- ⑪Itigil ang pagtrabaho kapag may inaasahang masamang panahon..
- ⑫Huwag magsasagawa ng sabay-sabay na trabaho tulad ng pagtatakbo habang nagmamanipula. Maaaring may mailapat na abnormal force sa crusher tool at base machine na magiging sanhi ng pinsala nito.
- ⑬Kpag naggripping machine ay naka-grip, huwag bukasin ang arm, baka maging sanhi ng abnormalidad sa grip o opening/closing ng cylinder.
- ⑭Huwag itulak ang concrete gripping tool sa lupa upang paikutin o palitan ang direksyon ng base machine. Hindi lamang ito magiging sanhi ng pagkasira ng concrete crusher tool at base machine, ngunit gagawin ding unstable ang base machine kaya't huwag gagawin ito.
- ⑮Mag ingat kapag nag-ooperate malapit sa upuan ng drayber, dahil ang grip ay pwedeng makagambala sa upuan ng drayber at ng boom cylinder. Mag-ingat na huwag matamaan ang upuan ng drayber habang iikot na may dalang bagay.



⑩Huwag pa-diagonal ang pagkuha ng bagay gamit ang gripping machine. Delikado para sa mga naka-grip na bagay ang pagkakaroon ng biglaang ikot sapagkat luluwag ang gripping force at itoy mahulog, at ang base machine at ang gripping arm ay ma-deform o masira.




⑪Huwag basagin o baliin ang bagay sa pamamagitan ng pag-hampas nito sa lupa o pader habang naka-grip. Ito ay magkakaroon ng sira sa gripping machine o base machine.



⑱ Para sa mahahabang bagay, sa gitna kapitan o sa sentro ng balanse.

Ang pag one-sided grip ng swivel grip ay delikado sapagkat ito ay biglang umiikot, at ang non-swivel grip ay delikado sapagkat ito ay tumatagilid o nahuhulog. Ito ay magkaka-sanhi ng sira sa grip arm at base machine.



⑲ Huwag iwanan ang upuan ng drayber habang may laman pa ang gripping machine. Delikado ito sapagkat luluwang ang gripping force at mahuhulog ang bagay. Kapag iiwanan ang upuan ng drayber, dapat tapos na ang trabaho, and dulo ang arm ng gripping machine ay nakalapat sa lupa, naka patay ang makina at sigurado ang kaligtasan.

⑳ Bilang isang general rule, huwag kunin sabay alis, Delikado ito sapagkat luluwang ang gripping force at mahuhulong ang bagay.

㉑ Huwag i-demolish ang pondasyon ng konkreto gamit ang gripping machine. sapagkat ito magagamit pa sa ibang bagay.


㉒ Huwag i-demolish ang pondasyon ng konkreto gamit ang gripping machine.

4.4.7. Pag-iingat pagkatapos ng trabaho (Teksbuk p.78)

Ang mga sumusunod ay isagawa pagkataposng trabaho.

(1) Gripping tool

①Ang base machine na may grip ay dapat naka-parada sa isang matigas, tuyo at patag na lupa. Panatiliing bukas ang arm ng gripping machine para sa kaligtasan.



②Linisan at tanggaling ang mga putik na nakadikit sa concrete gripping tool at suriin ito para sa anumang mga abnormalidad tulad ng paglabas ng langis, maluwag na bolt, mga nabasag na cutter, sira atbp..

③Kapag magtatanggal ng concrete gripping tool mula sa bahagi ng arm ng katawan ng makinarya, maghintay muna hanggang bumaba na ang temperatura ng langis ng hydraulic oil hangga't sa maaari. Maglagay ng dust cap sa piping hose.

④Mag-ingat na huwag malagyan ang hydraulic oil ng dumi sa pag-kakabit at pag-tanggal ng hydraulic hose.

⑤Ang tinanggal na concrete gripping tool ay dapat na iligpit sa loob ng gusali, o kung ililigpit ito sa labas ng gusali, ilagay ito sa ibabaw ng patungan at takpan ito ng trapal para hindi maulanan

(2) Base machine

Tanggaling ang mga tubig at putik na nakadikit sa base machine. Linisin ang undercarraige, mga lugar sa paligid ng upuan ng drayber at sa loob tulad ng operating device para sa pagtaas at pagbaba, para sa susunod na trabaho. Gayundin, magrefuel.

Bilang karagdagan, dapat pansinin na ang mga putik na may kasamang mga patak ng tubig sa ibabaw ng hydraulic cylinder rod atbp. ay maaaring madala sa loob ng seal at masira ito, kaya kinakailangan mag-ingat sa paglilinis nito.

4.5. Pag-tanggal ng attachment (Teksbuk p.79)

(1) Paalaala

- ①Ang pag-tanggal at pag-kabit ng attachment ay isinasagawa sa ilalim ng direct command ng isang supervisor.
- ②Ang pag-kabit at pag-tanggal ng attachment ay ginagawa ng pagkakasuno-sunod ayong sa operator's manual ng makinaryang pang-demolish.
- ③Gumamit ng safety column, safety blocks, atbp. para maiwasan ang pagkahulog ng arm at boom atbp
- ④Gumamit ng frame o stand para hindi matumba ang attachment.
- ⑤Ginagamitan ng mobile crane sa pagtanngal at pagkabit ng malalaking attachment. Ang kwalipikadong tao lamang ang pwedeng magsagawa nito.
- ⑥Siguraduhing naka higpit ang mga bolt ang walang na miss.


(May ibang kwalipikasyon ang kinakailangan sa crane work at sling work (tamagake))

Ang crane work at sling(tamagake) ay hindi pwde isagawa gamit ang kwalipikasyon ng pag-gamit ng sasakyang makinaryang pang-koonstruksyon (para sa dismantling), kaya ibang kwalipikasyon ang kinakailangan yulad ng mobile crane.

(2) Paraan ng pag-tanggal


- ①Magtrabaho sa patag na lugar na walang sagabal, at magtrabaho sa stable na posisyon na maiwasan ang pagkatumba, pag-ikot at pag-galaw ng makina.
- ② I-sara, o "off" ang stop valve ng arm ng base machine, at naka-tanggal ang hydraulic hose na nakakabit sa attachment mula sa stop valve.
- ③Lagyan ng dust cap ang tinanggal na hydraulic hose at stop valve para maiwasang malagyan ng buhangin at putik sa hydraulic pipe. Kapag nalagyan ng buhangin o putik, ito ay maging sanhi ng pagkasira.
- ④Tanggalin ang dalawang pin na nagkokonekta sa base machine, arm at attachment at palitan ito ng bucket.

(3) Pag-tanggal ng breaker unit




Larawan 4-27 Halimbawa ng pag-tanggal ng breaker unit.

(4) Pag-tanggal ng steel cutting tool




Larawan 4-28 Halimbawa ng pag-tanggal ng steel frame cutting tool

(5) Pag-tanggal ng steel concrete crushing tool




Larawan 4-29 Halimbawa ng pag-tanggal ng rough concrete crusher




Larawan 4-30 Halimbawa ng pag-tanggal ng fine concrete crusher

(6) Pag-tanggal ng attachments




Larawan 4-31 Halimbawa ng pag-alis ng gripping tool (internal cylinder operated type)



Larawan 4-32 Halimbawa ng pag-alis ng gripping tool (external cylinder operated type)

(7) Pag-palit sa bucket



Larawan 4—33 Halimbawa ng pag-alis ng bucket

- ① Tanggalin ang tatlong pin na naka konekta sa excavator (shoberu) arm at bucket. (See graph 4-33)
- ② Ikabit ang arm link at bucket link sa excavator (shoberu), pagkatapos ay ikabit ang bucket.

Note) Ang pagkakabit/pag-aalis ay maaaring magbago depende sa demolition construction machine, kaya naman sundin ang instruction manual para sa detalye.

4.6. Pag-transport ng makinaryang pang-demolisyon (Teksbuk p.83)

4.6.1. Pag-load at pag-unload (Teksbuk p.83)

Tandaan ang mga sumusunod kapag isinasagawa ang pag-load at pag-unload ng makinaryang pang-demolisyon sa trailer atbp..

(1) Pangkalahatang pag-iingat

①Kapag naglo-load at nagta-transport ng makinaryang pang-konstruksyon sa isang trailer o trak, gumamit ng sasakyang nakatuon sa pagdadala ng mga makinaryang pang-konstruksyon


②Kapag naglilipat, mag-ingat na huwag lumampas sa mga sumusunod na nakasaad sa Vehicle Restriction Ordinance

- Lawak/lapad..... 2.5m pababa
- Kabuoang bigat..... 20t pababa
- Bigat ng shaft..... 10t pababa
- Wheel load..... 5t pababa
- Taas..... 3.8m pababa
- Haba..... 12mpababa
- Minimum turning radius..... 12m pababa

③Ang pag-load at pag-diskarga ng makinaryang pang-konstruksyon ay isinasagawa sa ilalim ng direksyon ng isang itinalagang supervisor sa trabaho.

④ Biliang isang general rule, ang lugar ng pag-load at pag-unload ay patag at solid ground, at para sa transfer-only vehicle, siguraduhing naka-apply ang parking break at naka kalso ang mga gulong.

⑤ Gumamit ng mga climbing equipment sa pag-akyat (ramp) na maaaring maikabit sa loading platform kapag mag--load ng mga sasakyan atbp na makakaya ang bigat ng makinaryang pang-konstruksyon tuwing mag-load at mag-unload, at dapat may mga claw ang climbing equipment upang maiwasan mabaklas ang climbing equipment mula sa platform tuwing isinasagawa ang pag-load dahil sa pag-ikot ng mga crawler (Tignan ang larawan 4-34 Table 4-1)



Larawan 4-34 Halimbawa ng claw climbing equipment

Table 4-1 Halimbawa ng ugnayan sa pagitan ng bigat ng loading machine at climbing equipment

Bigat ng Loading Machine (t)	Bilang ng mga climbing tools na nagamit		Dimensions Haba x Taas x Lapad (mm)
	Materyales	Bilang	
40	Aluminum Alloy	4	2900×310×220
30	Aluminum Alloy	4	2900×310×175
15	Aluminum Alloy	2	2900×232×220

⑥Gawin ang mga sumusunod kapag sa embankment (morido) isasagawa ang paglo-load at pag-unload

a. Ang lapad ng embankment(morido) ay dapat sapat sa lapad ng makinaryang pang-konstruksiyon.

b. Hangga't maaari, gawing banayad o maganda ang slope ng embankment (morido).

c. Ang embankment(morido) ay dapat na nakasiksik upang maiwasan ang pag-dulas sa slope habang naglo-load ng makinarya na mag-dudulot ng pagtumba ng makinarya. Paalaala na maging mapagmatyag upang maiwasan ang pagbagsak o pagkaguho ng gilid, at kung kinakailangan, punan agad ito.

d. Ang taas ng embankment (morido) ay dapat kasing taas ng loading platform.


(2) Pag-load at pag-unload ng trailer atbp.(Kapag naglo-load at nag-a-unload gamit ang mga kagamitan sa pag-akyat, gawin ang mga sumusunod)

①Magkaroon ng pagpupulong kasama ang lahat patungkol sa pag-load at pamamaraan ng trabaho.

②Suriin ang clutch, preno, atbp. ng loading machine at suriin ang ginamit na makina.


③Itigil ang trailer sa posisyon sa paglo-load, ilapat ang preno, at ihinto ang mga gulong (mag-ingat sa level ng lupa).

④Siguraduhin na isabit ang mga climbing equipment sa pag-akyat sa pag-load ng platform upang hindi ito matanggal, at i-set ang anggulo ng pag-akyat sa 15degree o mas mababa (tingnan ang Larawan 4-35).



Larawan 4-35 Halimbawa ng paggamit ng climbing equipment

⑤Ayusin upang ang gitnang linya ng carrier ng sasakyan at ng makinaryang pang-demolisyon upang mai-load, at ang gitnang linya ng mga kagamitan sa pag-akyat at ang crawler (gulong) ay pantay. (See Larawan 4-36)



Larawan 4-36 Halimbawa ng ugnayan sa loading position


⑥Sa oras ng paglo-load, tiyaking walang mga tao sa paligid at gumawa ng mga hakbang upang maiwasang walang makalapit. At, i-lock ang swivel lock upang hindi ito umikot habang sinasakay.

⑦Sundin ang signal ng guide at magmaneho sa mabagal. Huminto ng isang beses kapag nasa 1 m bago ang kagamitan sa pag-akyat at kumpirmahing muli ang nakasaad sa item ⑤.

⑧Habang inaakyat sa climbing equipment, huwag patayin ang steering sa pag-akyat at umakyat ng mabagal (kapag kinakailangan, patayin ang steering, bumaba sa lupa at baguhin ang direksyon).

⑨Kapag ang harap na bahagi ng crawler (gulong) ay umangat at dumapo sa loading platform habang umaakyat, tandan na ang makinaryang pang-demolisyon ay madaling maalog, kaya mag-ingat na ilapag ng dahan-dahan.

⑩Kapag ang platform ng trailer ay may malaking step, gumamit ng foot stall para makapagmaneho ng dahan-dahan. (See Larawan 4-37)



Larawan 4-37 Halimbawa ng paggamit ng foot stall

⑪Suriin kung ang loading platform ay nakausli mula sa lapad ng trailer bed


⑫Huminto sa posisyon ng loading platform, i-apply ang preno at lock

⑬Habang iniikot ang demolition construction machine sa loading platform, siguraduhin ang kaligtasan sa paligid, gumawa ng mga paraan upang maiwasan ang pagkahulog o pagkadulas ng makinaryang pang-demolisyon. Pagkatapos ikutin, i-lock at patayin ang makina.

(3) Pag-aayos pagkatapos magload sa trailer, atbp.

①Inspeksyonin ang trailer kung maayos na nakapagload at kung ang trailer ay hindi tabingi.

②Matapos makumpirma na walang mga abnormalidad sa trailer, ang makinaryang pang-konstruksyon ay posibleng gumalaw dahil sa pag-vibrate habang ginagawa ang pag-transport. Kaya dapat tali/higpit ang makinaryang pang-konstruksyon sa trailer, at i-secure ito sa pamamagitan ng kadena, kable, atbp (See Larawan 4-38)



Larawan 4-38 Halimbawa ng pag-ayos sa trailer

③I-lock ang nakasakay na makinaryang pang-demolisyon sa pamamagitan paglapat sa preno, patayin ang makina, patayin ang kuryente at ayusin ito.


④Para sa demolition construction machines, ibaba ang mga equipment gaya ng boom at arms upang hindi lumagpas sa maximum height limit, at ilagay ang attachments sa floor ng trailer at ayusin ito.

⑤Suriin ng maayos kung ang kondisyon ng pagka tali kung maayos at perpekto.

4.6.2. Pag-transport sa pamamagitan self-propelled (Teksbuk p.87)

Kung hindi maiiwasang magtransport ng mga makinarya ng konstruksyon nang mag-isa, dapat itong gawin alinsunod sa mga nauugnay na batas at regulasyon tulad ng Road Traffic Act, Road Transport Vehicle Act, at Vehicle Restriction Ordinance, ngunit pagtuunan din ng pansin sa mga sumusunod:

- ①Kapag nagmamaneho sa malalambot na kalsada, mag-ingat sa pag-guho ng road shoulder.
- ②Kapag dumadaan sa railroad crossing o makitid na daan, huminto at tiyaking ligtas bago dumaan. Huwag kailanman gumawa ng hindi makatuwirang desisyon para dumaan.
- ③Para sa mga makinaryang pang-demolisyon, kapag dumadaan sa ilalim ng riles, kable, tulay, girders, atbp. Siguraduhin na ang distansya sa mga ito ay sapat at hindi sasabit ang boom.



5. Inspeksyon at maintenance ng sasakyang makinaryang pang-demolisyon

Upang magamit nang ligtas at maayos ang mga makinaryang pang-konstruksyon, kailangan ito may mabuting maintenance. Karagdagan sa mga inspeksyon na nakasulat sa instruction manuals na ginagawa natin sa araw-araw, kinakailangan din ng maintenance at inspeksyon kapag may naramdaman kayong abnormalidad dito sa panahon ng pagtatrabaho. Nakasaad sa batas na ang mga construction machines ay dapat na siyasatin nang isang beses isang taon, regular na inspeksyon bawat buwan at bago magsimula sa trabaho. Ang kwalipikasyon ng inspector, ang storage period ng inspection table at ang mga obligasyon nito ay dapat nakasulat gaya ng sumusunod.


Table 5-1 Applicable laws and regulations

URI NG INSPEKSYON	ARTIKULO	KWALIPIKADONG INDIBIDWAL	PANAHON NG PAGTALA NG TALAHANAYAN NG INSPEKSYON
Inspeksyon bago simulan ang trabaho	Regulasyong Pangkaligtasan Artikulo 170, 171	Driver	*Checklist habang umaandar ang makina
Regular na pagsusuri sa sarili (isang beses sa isang buwan)	Regulasyong Pangkaligtasan Artikulo 168, 169, 171	Representanteng hinirang ng operator (tagapamahala sa kaligtasan)	Talahanayan ng inspeksyon sa loob ng 3 taon
Tiyak na pagsusuri sa sarili (isang beses sa isang taon)	Regulasyong Pangkaligtasan Artikulo 167, 169, 171	In-house na inspector Inspektor	Talahanayan ng inspeksyon sa loob ng 3 taon (Ikabit ang marka ng inspeksyon)

※Bagaman hindi itinakda ng batas, dapat ay nakalagay ang inspection table habang ang machine ay umaandar..

5.1. Mga pangunahing pang-iingat para sa inspection at maintenance(Teksbuk p.90)

- ①Kapag nagsasagawa ng mga inspeksyon at maintenance ng on-site, ihinto ang makinarya ng konstruksyon sa isang ligtas na patag na lupa. Kung hindi maiiwasang gawin ito sa isang slope, tiyaking gumamit ng kalso sa undercarriage ng makina.
- ②Siguraduhing iayos ang bawat operating device, safety lock, at preno ng makinaryang pang-demolisyon.
- ③Siguraduhing ilagay ang attachment sa lupa. Kung sa hindi maiiwasang sitwasyon ay kailangan itaas ang attachment at magkaroon ng inspeksyon o repair sa ilalim, gumamit ng mga safety columns o mga safety block upang mapigilan ang pagbagsak ng working device(attachment).
- ④And pagsasaayos ng makinaryang pang-demolisyonay dapat pangungunahan ng supervisor.
- ⑤Kinakailangan na magsagawa ng mga inspeksyon at self-inspection batay sa mga inspection sheets o inspection check sheets, at i-record at i-save ang mga resulta.
- ⑥Walang sinuman ang maaaring pumasok sa lugar ng trabaho, maliban sa taong may hawak ng trabaho para sa inspeksyon at maintenance.



5.2. Pang-araw-araw na pamamaraan ng inspeksyon (Teksbuk p.91)

5.2.1. Bago paandarin ang makina (Teksbuk p.91)

Mag mga kalilangang suriin bago paandarin ang makina, ay ang mga sumusunod.

(1) Suriin kung may tagas na tubig at langis

Ikutin ng sasakyan at tignan kung walang tubig o langis na tumutulo sa lupa at walang mga pagtulo mula sa mga tubo. Suriin ng lalo na kung may tumutulo mula sa mga high-pressure hose seam, hydraulic cylinders, radiator, atbp

(2) Pag-inspeksyon at muling pag-refill ng cooling water

① Buksan ang takip ng radiator at suriin kung puno ng tubig.

② Kapag mag-refill ng radiator, buhusan nang paunti-unti. Kung ilalagay mo ang lahat nang biglaan, ang hangin sa loob ay hindi ganap na makakasingaw at mahirapang maglagay ng tubig.

(3) Pag-inspeksyon at pag re-fill ng dami ng langis sa bawat bahagi

Upang masukat ang tamang dami ng langis sa bawat bahagi, i-level ang makina (hindi tabingi) at suriin kung ito ba ay nasa tamang antas ang sukat ng langis sa oil gauge.

① Pag-inspeksyon at pag-refill ng dami ng langis sa hydraulic tank

Kung ang dami ng langis sa hydraulic oil tank ay mas mababa kaysa sa tinukoy na tamang sukat, ang temperatura ng langis ay tataas nang abnormal, at maaaring mabilis itong masira o mapasukan ng hangin, na maaaring makaapekto sa makina. Gayundin, ang antas ng langis sa tanke ay patuloy na nagbabago habang nagtatrabaho, kaya't kung sobrang dami ng langis, ang tanke ay maaaring umumbok nang hindi normal at masisira.


Tandaan na kung aalisin mo ang takip habang ang hydraulic oil ay mainit pa, ang langis ay maaaring pumutok at maaari kang mapaso o malapnos. Ang itsura at amoy ng hydraulic oil ay maaaring magbago dahil sa paghahalo ng mataas na oxidized oil o tubig, pero nangangailangan ito ng may kasanayan para malaman, kaya palitan ito kapag umaabot sa antas na pagkakasukat sa instruction manual. Sa kaso ng makinaryang pang-demolisyon, mas nasisira ang hydraulic oil nito kompara sa hydraulic excavator (shoberu). Gayunpaman, kung nakikita mo ang kundisyon na ipinakita sa talahanayan 5-2, palitan ito kaagad.

.Table 5-2 Paraan ng pag-alam batay sa hitsura ng hydraulic oil

ITSURA	AMOY	SANHI
Nagbago at naging milky white	Good	Nahaluan ng moisture
Nagbago at naging itim	Mabaho	Lumala
Mayroon maliliit na sun spots	Good	Nahaluan ng dumi
May mga bula	—	Nahaluan ng grasa

② Pagsusuri ng dami ng langis sa hydraulic oil tank at postura habang nagsasalin

Kapag sinusuri at pinupunan ang dami ng langis, panatilihin ang makinaryang pang-demolisyon sa isang tiyak na posisyon. (Tingnan ang Larawan 5-1). Dahil hindi malalaman ang tamang dami ng langis kapag walang naka-set sa postura dahil sa pag-expand at pag-contract ng hydraulic cylinder.



Larawan 5-1 Halimbawa ng postura ng inspeksyon sa antas ng langis ng makinaryang pang-demolisyon

③ Gumamit ng tamang langis na tinutukoy ng manufacturer manual para sa inspeksyon at refill, at sa pag-change oil ng engine oil at iba pang parte na ginagamitan ng langis ayon sa instruction manual ng construction machinery ①.

④ Pag-inspeksyon ng brake fluid (wheel type)

Kapag kinulang na sa break fluid, punan ito ng naaayon na break fluid.

(4) Pag-drain ng fuel tank

Mag-refuel pagkatapos ng ang trabaho at i-drain ang tangke ng gasolina bago magtrabaho. Ito ay upang mawala ang tubig.

(5) Pag-adjust at inspeksyon ng tensyon ng fanbelt. (alternator deive belt)

Tignan kapag meron 10-15mm na pagkaluwag kapag itinulak a ng gitna ng pulley at crank pulley (sa gitna ng V-belt). Tignan din ang V-belt kng walang abnormal na sira at ang pulley ay hindi sira.

(6) Pag-inspeksyon ng tire air pressure (wheel type)

Sinusukat ang air pressure ng gulong kapag ito ay malamig bago magtrabaho at nakakondisyon base sa lagay ng daanan ng trabaho (ayusin ang pressure ng hangin na bahagyang mas mababa kaysa sa pamantayan sa mga malalambot na lupa at medyo mas mataas sa matigas na lupa). Gayundin, gawing pantay ang air pressure ng hangin sa kaliwa at kanang gulong.

Kasabay ng pagsuri sa air pressure, suriin din na ang mga gulong ay hindi gasgas o may umbok, may nakatusok na piraso ng metal, at hindi pudpod. Ang pamamaraan ng pag-iinspeksyon at pag-aayos ng tension ng crawler ay dapat na alinsunod sa manual ng manufacturer.

(7) Pag-inspeksyon ng tensyon ng crawler (crawler type)

Kung ang crawler ay masyadong maluwag, ang mga pin at bushes ay mas mabilis mapudpud o masira, at kung ang crawler ay masyadong masikip, maaari itong maging sanhi ng depektong paggawa. Higpitan ang crawler sa matitigas na kalsada at paluwagin sa malambot na kalsada


(8) Pag-inspeksyon ng maluwang na bolt and nuts sa bawat bahagi

Gamit ang martilyo, inspeksyonin ang mga bolt ng bawat parte kng may maluwang, at kung may maluwang, higpitan ito. Inspeksyonin ang air cleaner, intake / exhaust pipe, muffler mounting part, at bahagi ng suspensyon.

(9) Inspeksyonin kung may sira ang electrical wiring, short circuit, maluwang na mga terminal

Inspeksyonin kng ay disconnection ang mga electrical wiring at walang short circuit.


Gayundin, inspeksyonin ang terminal ng baterya kung maluwap. Suriin din battery fluid, at kung ito ay hindi sapat, mag-refill ng distilled na tubig



Kung nais simulan ang maintenance, alisin ang terminal na nakakonekta sa (-)


(10) Inspeksyon ng Attachment

① Suriin ang mga bolt at nut kung maluwap, at kung maluwap, siguraduhing muling higpitan. Kung ginamit na maluwap, hindi lamang ito magiging sanhi ng tagas ng langis, durog na mga thread, at mga sirang bolt, ngunit hahantong din sa mga problema sa trabaho.



② Lagyan ng grasa gamit ang grease gun na may grease nipple

Lagyan ng grasa gamit ang grease gun ayon sa instructional manual ng mga kagamitan




Larawan 5-3 Halimbawa ng paglalagay ng grasa gamit ang grease gun

③ Suriin na walang mga tagas ng langis o gas mula sa mga dugtungan ng bawat bahagi.

Kung ang puwang sa pagitan ng chisel at bush ay lumaki, hahantong ito sa pinsala sa bush, chisel, atbp. Samakatuwid, inspeksyonin na ang pagkapudpod ng bush ay hindi lalampas sa tinukoy na limitasyon ng pagkapudpod tulad ng ipinakita sa Larawan 5-4. (Para sa limitasyon ng pagkapudpod, sumangguni instructional manual.)

Bigyang pansin din ang pagkapudpod ng dulo ng chisel.



Larawan 5-4 Halimbawa ng limitasyon sa pagkapudpod

(11) Ang iba pa

Inspeksyonin ang tunog ng busina at buzzer, ang posisyon ng mirror sa likuran, mga ilaw sa trabaho, ilaw sa harap, at iba pa kung ito ay gumagana nang maayos.

5.2.2. Pagkatapos paandarin ang makina (Teksbuk p.95)

Ang mga kailangang tandaan pagkatapos paandarin ang makina ay ang mga sumusunod.

(1) Pag-inspeksyon ng mga meter gauge at ng pointer (finger).

Pagkatapos paandarin ang makina, mag-idle at inspeksyonin ang galaw ng meter gauge at ang kalagayan ng pointer nito.

(2) Ang inspeksyon ng tubig, langis at air leaks mula sa bawat bahagi

May oras na kahit nakatigil ang makina at walang tagos, may pagkakataong magka-tagos ito kapag pinaandar ang makina.

(3) Kondisyon ng Makina

Palitan ang rotation speed sa low idle, high idle, at full stall, at tignan kng walang mga abnormalidad sa kulay ng exhaust (tignan ang Table 5-3), engine noise, exhaust odor, at vibration.

Talahanayan 5-3 Pamamaraan ng diskriminasyon batay sa itsura ng hydraulic oil

KULAY NG EXHAUST	PAMANTAYAN NG PAGHATOL
Iitim Banayad na Dilaw Puti . Asul Kulay Abo Walang Kulay	- Rich mixture, incomplete combustion - Malabnaw ang mixture ng air-fuel - Oil Burns, hindi magandang timing - Rich mixture at Oil Burns - Ang mixture ng air-fuel ay angkop at complete combustion

(4) Pag-inspeksyon ng pagpapatakbo ng attachment

Inspeksyonin kung ang mga attachment, alarm, boom, at iba pa ay gumagalaw nang maayos.

Sa oras na ito, tiyaking walang tao sa paligid at walang mga hadlang.

(5) Pag-iinspeksyon ng brake pedal (wheel type)

Suriin na ang play ng brake pedal ay hindi malaki at ang preno ay gumagana nang maayos.

Kung mapupodpod ang lining ng preno, tataas ang pag-play ng pedal, at hindi gagana ang preno maliban kung aapakan ng husto.

(6) Pag-inspeksyon ng traveling handle at traveling lever

Patakbuin ng mabagal ang makinaryang pang-demolisyon, manehohin ang traveling handle at traveling lever, pagkatapos ay inspeksyonin kung gaano katalas ang pagtakbo at kaliwang kanan na pagmamaneho.

Gayundin, inspeksyonin kung ang tavel-control-lever ay tumitigil ng walang problema sa neutral na estado.

(7) Pag-iinspeksyon ng pag-andar ng turning lever

Inspeksyonin kung ang pag-ikot at pagtigil ng pagikot ay walang problema.

Gayundin, inspeksyonin kung ang turning lever ay tumitigil ng walang problema sa neutral na estado.

5.2.3. Pagkatapos ng trabaho (Teksbuk p.97)

Ang mga kailangang tandan pagkatapos ng trabaho ay ang mga sumusunod

(1) Paglilinis ng machine body

Kung may putik o langis sa floor board, pedal, levers, magiging madulas ito, kaya't punasan ito ng maayos.

Alisin ang lupa at buhangin mula sa crawler at linisin ang machine body.

Kapag naghuhugas gamit ang tubig, mag-ingat na hindi mabasa ang mga electrical components.

(2) Pag-refuel

Mag-refuel habang nakapatay ang engine. Mag-ingat na huwag maghalo ng alikabok o tubig kapag naglalagay ng langis.(Kapag mag re-fuel, mag curing (yojo) para hindi na tumagas at ma-contaminate ang lupa)

(3) Pagliligpit ng Makina

① Ang lugar ng paradahan ay dapat isang patag na lugar na walang rockfall, baha, pagguho ng lupa atbp

②Kung nasa labas ang paradahan, takpan ito gamit ng isang sheet (kailangan pag-ingatan nang mabuti na hindi makakapasok ang tubig-ulan sa tambutso).

③Ilapat ang parking break, at ilapat ang attachment sa lupa.

④Bunutin ang engine key at ilagay sa lagayan.

5.3.Pamamaraan ng inspeksyon kapag may natagpuang isang abnormalidad habang nagtatrabaho (Teksbuk p.97)

Kung sa tingin mo ay wala sa kaayusan ang makinang ginagamit habang nagtatrabaho, kinakailangang ihinto kaagad ang makinaryang pang-konstruksyon at iparada ito sa isang patag na lugar, at kumontak sa namamahala tungkol sa sirang bahagi ng makina at ipaayos ito bago simulan ulit ang trabaho

6. Mga kaugnay na usapin tungkol sa trabahong pang demolisyon

6.1. Plano sa Trabaho (Teksbuk p.99)

Ang mga aksidente sa lugar ng trabaho sa pag-demolisyon ay nagaganap dahil sa hindi pagsunod sa mga plano sa trabaho, tulad ng "pagwawalang-bahala sa mga plano at pamamaraan," " hindi ligtas na aksyon," at "mga shortcut at pinaikling aksyon" at iba pa.

(1) Mga tala tungkol sa paghahanda ng plano sa pagtatayo

①Paunang survey

Kumpirmahin ang kasalukuyang kalagayan ng site para sa pagpaplano.

- Pagsisiyasat sa mga demolished buildings (kasama na ang mga nakalibing bagay)

※Kung ang dioxin, asbestos, atbp. ay nakunpirma sa paunang survey, isasagawa ang naaangkop na proseso para sa mga mapanganib na materyales.

- Pag-aalis ng mga istraktura (gas, tubig, elektrisidad, atbp.)
- Pagsisiyasat sa lugar na nakapalibot sa site (mga nakalibing na bagay, mga overhead na kable)
- Mga ruta sa pagdadala ng mga makina para sa demolisyon

Huwag kalimutan ang lahat ng mga kinakailangang pamamaraan ng iba't ibang tanggapan ng gobyerno bago simulan ang konstruksyon.


②Paghahanda ng plano pag-demolisyon

Gumawa ng isang ligtas na plano batay sa paunang survey.

Isaalang-alang ang polusyon at pangkalahatang mga panloob na sakuna.

